

1

Dali-daling kinuha ni Jamie ang towel at bathrobe, pagkatapos ay lumabas ng silid. Nagtaka siya nang marinig ang lagaslas ng tubig sa banyo. Karaniwan sa ganoong oras, sa ganoong araw ay nakaalis na ang kapatid niya at ang isa pa nilang kasama sa bahay.

Sunud-sunod ang kanyang katok sa pinto ng banyo.

“James?” tawag niya sa bunsong kapatid.

“Si Gabriel ’to,” sagot ng baritonong boses sa loob pagkatapos patayin ang tubig.

Pero kahit hindi nito ginawa iyon ay may hinuha na siya na ito ang naroon. Malabong ma-late ang kapatid niya.

“Sira iyong banyo sa kuwarto ko,” paliwanag nito.

“Bilisan mo, please,” aniya. “Late na ako, Gabriel.”

Lagaslas na lang ng tubig ang muling narinig niya. Biglang tumunog ang phone sa living room. Pumunta siya roon para sagutin iyon.

“Hello?” ulit niya nang walang tumugon sa kabilang linya. Sa pagkakataong iyon ay may sumagot na.

“Si Gabriel? Gabriel Bernero?” Tila garalgal ang tinig ng babae sa kabila. “Tama ba iyong number?” paniniguro nito sa mahinang boses.

“Oo, Miss, dito nga nakatira si Gabriel. Kaya lang naliligo siya. Teka, patapos na ’ata—”

“Ano’ng pangalan mo?” Matigas na ngayon ang kanina ay nanginginig na boses.

“Si Jamie ’to. Sino sila?” magalang na tanong niya.

Dial tone na lang ang narinig niya.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin humihinto ang mama ni Jamie sa pagkumbinsi sa kanya na bumalik na lang sa kanilang probinsya at doon magtrabaho. Ang totoo, mas pabor sa ina kung ititigil na lang niya ang pagsisikap na maging independent career woman at mag-asawa na lamang.

Hindi niya talaga maintindihan ang matatanda. Pakiramdam niya, ang tingin ng mga ito sa *single ladies* na katulad niya ay nangangailangan ng asawa

at pamilya para maging normal at matatag ang estado sa buhay.

“Neng, kelan ka ba mag-aasawa? Wala ka bang nobyo? Aba, maganda ka naman...”

Nakakasawa na ang linyang iyon. Ang totoo, kahit sa mga hindi kapamilya ay naririnig niya iyon. Hindi niya alam kung mapipika o matatawa. Be all and end all ba ng pagiging isang babae ang makatagpo ng asawa?

Lumabas na siya ng kuwarto para maligo. Naabutan niyang paalis na si Gabriel, ang pinaka-‘landlord’ nila roon. Makinis ito, maputi, malinis ang gupit. Halatang anak-mayaman dahil walang kaalam-alam sa gawaing-bahay. Lahat ng gamit nito, mula sa damit, sapatos, at iba pa, pansin niya ay branded. At mayroon itong ere na nagsasabing hindi talaga ito puwedeng maging mahirap.

“Maaga yata ang date mo.” Hawak niya ang seradura ng banyo.

Napakamot ito sa batok at hinarap siya. *“Si James?”*

“Madaling-araw pa siya umalis. Umuwi sa probinsya namin,” paliwanag niya. *“Uuwi din ako, maliligo lang.”*

Kabilin-bilinan ng mga magulang niya na hindi puwedeng hindi siya uuwi kung wala si James sa bahay. Hindi puwedeng maiwan siya kasama ang isang lalaki sa iisang bubong nang nag-iisa. Exaggerated iyon para sa kanya pero tingin niya, forgiven naman ang ganitong instances.

“Jamie, i-lock mo iyong pinto, ha?” bilin nito.

Tinanaw niya ang papalayong lalaki pagkatapos itulak ang lock ng screen. Medyo nagtaka siya. Bakit ito nagsalita nang ganoon? Lagi naman silang maingat sa mga locks. Isinara na niya ang pinto at nagtungo sa banyo para maligo.

Mayamaya ay sunud-sunod ang tunog ng doorbell. Malamang ay si Gabriel ang nasa pinto. May nakalimutan ito siguro kaya bumalik. Silang tatlo lang naman ang nakakaalam ng combination ng lock sa gate.

Nahapit niya ang hawak sa nakataping tuwalya sa gitna ng dibdib nang makita ang isang lalaki na nasa labas ng screen door. Nanlaki ang kanyang mga mata.

“Ano ’yon?” pinalalakas ang loob na sabi niya, kunwa’y hindi obvious ang pagtatago sa likod ng pinto. Hindi niya alam ang epekto ng malusog

niyang dibdib at ng maputi niyang balikat sa lalaking kaharap.

“Magbihis ka nga bago mo uli buksan ang pinto!” utos nito.

Ibinagsak niya ang pinto sa harap nito bago mabilis na tinungo ang kanyang kuwarto. Pagdating doon ay nanginginig ang buong katawan lalo na ang mga kamay na tinuyo niya ang sarili. Kumuha siya ng isa pang tuwalya. Marahas niyang tinuyo ang mahabang buhok gamit iyon. Nang makapagbihis ay hinagip niya ang suklay. Pero tumutunog na ulit ang doorbell. Inihagis niya ang suklay sa gitna ng kama at lumabas sa sala. Hindi na kasi siya nagdala ng robe sa banyo kanina gaya ng dati niyang ginagawa dahil siya lang naman ang tao roon.

Huminga siya nang malalim bago binuksan ang pinto. Pero hindi niya inalis ang lock ng screen.

“A-ano’ng kailangan—”

“Kailangan kong pumasok sa bahay ko.” Nanguuyam ang ngiti ng estranghero.

“Bahay mo?” ulit niya.

“Nakalimutan bang sabihin ng magaling kong kapatid na ang *playground* n’yong dalawa

ay nakapangalan sa akin?” patuloy nito sa nakakainsultong tono.

Pinagmasdang mabuti ni Jamie ang kaharap. He was tall and his complexion was very becoming. His skin was a very attractive shade of brown. Punung-puno ng kumpiyansa ang tindig nito at tila walang makakaligtas sa mapanuri nitong mga mata. In fact, she could drown in his eyes.

“Kapatid?” Pilit niyang hinahagip ang mga sinasabi nito. Nakakunot ang kanyang noo at nagtatanong ang kanyang mga mata.

Para namang ngumiti sa kanya ang mga mata nito habang pinagmamasdan siya. Tila nabuhay ang mga iyon. O baka imahinasyon lang niya. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Napahigpit ang hawak niya sa handle ng screen door. Nanginginig ang kamay niya. Napatuwid siya nang muli itong magsalita.

“Nasaan si Gabriel?”

“Si Gabriel? Kapatid ka niya?” paniniyak niya.

Muli, kumurba ang pauyam na ngiti ng mga labi nito. “Since kanina mo pa inuulit ang sinasabi ko, pagbibigyan kita.”

Namula siya. “Pasensya na pero walang

naikukuwento sa akin si Gabriel tungkol sa kapatid niya. Kung meron man,” malditang dugtong niya, bilang ganti sa sinabi nito.

Tumawa ang lalaki. “Gusto mong ipakilala kita sa pamilya namin, sa mama ko, para patunayan na magkapatid kami?” Hindi makapaniwala ang expression nito. Kagat nito ang pang-ibabang labi at napansin niya na maputi at commercial perfect ang mga ngipin nito.

“Ganito na lang, Mister... er... tatawagan ko ngayon ang... si Gabriel at itatanong ko kung totoong... kapatid mo siya. Uhm, ano’ng pangalan mo?” tanong niya. Nangangatal siya. Sa unang beses yata sa buhay niya, she asked a man his name.

“At pagbabagsakan mo uli ako ng sarili kong pinto habang ginagawa iyon? Huwag na. Ako na ang tatawag sa kanya.” Kasabay niyon ay nag-speed dial ang lalaki sa cellphone nito. “Gabriel. Oo, ang Kuya Raphael mo,” diin nito, sa kanya nakatingin. “Umuwi ka ngayon din at palayasin mo ang babae mo sa bahay ko,” utos nito sa mahina pero makapangyarihang tinig. “Kausapin mo siya para papasukin ako,” dagdag nito. Ini-on nito ang speaker ng phone nito at iniharap iyon sa screen.

Hindi pa rin siya natinag. Tumanggi siyang

buksan ang screen door.

“Jamie?” narinig niya ang tinig ni Gabriel. “Puwede mo bang papasukin ang Kuya Raphael ko?”

Nanlata siya. “Okay. Siya ba ang dahilan, kaya sinabi mong i-lock ko ang bahay?”

Narinig niya ang malutong na halakhak ng lalaking kaharap. His handsome head was thrown back in laughter.

“I’m sorry, Jamie. Pauwi na ako,” sagot ni Gabriel bago ito nawala sa linya.

Pero nagmatigas pa rin si Jamie. Tinitigan niya ang lalaki. “I need to see an I.D.”

Bahagyang napaawang ang bibig ng kaharap na para bang hindi ito makapaniwala sa kapangahasan niya. Tila nagpigil ito sa sarili. Napapailing na kinuha nito ang wallet at humigit doon ng isang plastic card. It was his driver’s license. Bahagyang inilapit ng dalaga ang mukha sa screen. Apelyido pa lang ang nababasa niya ay naglaho na ang card sa harap niya.

“Satisfied?” he asked. “Bank card, gusto mo?”

Hindi siya sumagot. At least, his surname was Bernero. That much she was certain. Kapareho ng kay Gabriel. Wala man siyang nakikitang physical

resemblance sa dalawang lalaki, sapat na siguro na alam nito ang combination ng gate at nakausap niya ang kapatid nito.

Wala na siyang nagawa kundi patuluyin si Raphael.

“Bakit ayaw mo akong papasukin kanina?”
Umupo ang lalaki sa sofa.

Ngayon alam na niya. Kay Raphael ang sofa.

It complimented his looks. Black Italian leather couch—very masculine—it described the man himself. *I should have known.* Hindi ito ang taste ni Gabriel. There was a blatant boyishness in the younger man. Mayroon din sa lalaking ito sa palagay niya, but she would have to dig deeper to find out.

Ano ba ang iniisip niya? Why should she want to do that? Wala siyang pakialam kung may boyish side ang Raphael na ito o wala.

“Bakit basta na lang kita papapasukin? You’re a stranger. And as you’ve well pointed out, *hindi ko ito bahay.*”

He scoffed. “Baka naman may itinatago kang lalaki sa kuwarto mo?”

“You’re impossible!” Tumaas yata ang dugo niya.

“Okay, since tingin ko ay nagdadalawang-isip pa si Gabriel kung uuwi ngayon o hindi, I suggest we go out for lunch.” Wala sa tinig nito ang pakiusap.

“No, thanks,” tanggi niya. Nakatayo pa rin siya sa harap nito. Hindi pa siya nauupo simula nang pumasok ito.

“I don’t understand your set-up here. Estudyante ka ba?” kunot-noong tanong nito.

“No. I work in *FineWorks Engineering*. Nasa research and development ako.”

“What? Never mind.” Then he looked at her and said, “I thought lalaki ang housemate ng kapatid ko.”

“My brother, si James—siya ang kasama ko, namin. Magkaklase sila dati ni Gabriel. Kapatid ko ang gumagamit n’ung isang kuwarta.”

“Ikaw,” baling nito sa kanya, “aling kuwarta ang ginagamit mo? Do you share my brother’s room?”

“How dare you!”

Tumawa ito. “I dare, dahil umiiyak na nagsumbong sa akin ang fiancée ng kapatid ko, telling me na may babaeng sumagot ng phone sa bahay ko, offering to

call Gabriel while he's in the bath. Ngayon mo ako sagutin nang derecho. Ikaw ba ang babaeng iyon?"

Namula siya. "It's a misunderstanding."

"So hindi ikaw iyong babaeng ikinukuwento sa akin ni Irene?"

"Ako... ako nga..."

Humalakhak si Raphael. Pero tila kapos sa kasiyahan iyon sa kanyang pandinig. It was full of contempt.

"At iniinsulto kita?" he scoffed, bakas ang galit sa mukha.

"Puwede bang patapusin mo ako? Ako ang sumagot ng phone dahil kami lang ni Gabriel ang naiwan dito. Dito ako nakatira. The call could have been for me. It was totally innocent," she insisted.

"Innocent? How would you explain being in his room?"

"Wala ako sa kuwarto niya, okay?"

"Pero alam mong nasa banyo siya? Pumapasok ka talaga sa kuwarto niya at inaalang kung naliligo siya tuwing may tumatawag sa kanya?" patuloy nito. His face was still grim.

“He used the common bathroom. Nasira iyong plumbing or something sa banyo sa kuwarto niya that day. Late na siya. Gabi pa dumating iyong tubero. Nandito ang kapatid ko. Mapapatunayan niya iyon.” Hingal na tumigil siya sa pagpapaliwanag.

“Magbihis ka na, kakain tayo sa labas,” utos nito.

“May sarili akong lakad. I don’t want to go out with you.”

“It’s almost lunchtime at di ka pa kumakain, tama ba ako?”

Tumango siya. Binanggit nito ang restaurant malapit sa opisina niya.

“Mas mabilis kang makakarating sa pupuntahan mo kung magbibihis ka na at sasama sa akin na kumain. Because I have no intention of leaving you here,” anito.

“Dito ka ba matutulog mamayang gabi?” tanong niya habang nasa kotse nito.

“Bakit? Pag-iisipan mo kung sino sa amin ng kapatid ko ang tatabihan mo?”

“Don’t be crude.” Umirap si Jamie, ni hindi tumitingin dito. Hindi siya dapat sumama sa lalaking ito, pero nakaka-suffocate ang tension sa loob ng

bahay. Alangan naman na paalisin niya ito. Bakit ba hindi na lang siya nag-insist umalis? Iwan ito? Puwede naman iyon, di ba? “Sabihin mo na kung d’on ka matutulog, para makauwi ako ng probinsya nang maaga.”

“Bakit kailangan mong umuwi ng probinsya?”

“Dahil utos ng parents ko na hindi ako maiwan mag-isa sa bahay kasama ng lalaki,” walang-pasubaling sagot niya.

“At lagi mong sinusunod ang parents mo,” tuya nito.

“Hanggang kaya ko.”

“Hindi ka nila dapat pinakawalan,” pahayag nito.

Natagpuan ni Jamie ang sarili na tahimik na ikinukumpara ang magkapatid na Gabriel at Raphael. Ngayon, nagkaroon na siya ng pagkakataong mapansin ang ilang pagkakatulad—ang tindig at aura na nagsasabing galing ang mga ito sa may-sinasabi at respectable na angkan, ang kilos na tila aral pero natural, ang dating, ang mamahaling pananamit, ang pagpapalagay na walang tatanggi sa anumang iutos o ibigin nito. Tama, may mga pagkakataon na nakikita

niya kay Gabriel ang ilan sa mga katangian na iyon. Nasanay na nga lang marahil siya sa huli kaya hindi na siya naiilang dito.

Pero si Raphael, he was in his own class, in a different league, sabi nga. At sa ginawang pag-iwas ni Gabriel dito, gusto niyang isipin na takot dito ang nakababatang kapatid.

Mayabang! naisip niya, bahagyang napasimangot pagkatapos ay napairap. Hindi niya alam na pinagmamasdan siya ng kaharap at bahagyang naningkit ang mga mata nito sa reaction niya.

“Lilinawin ko lang, may fiancée si Gabriel?” kunot-noong tanong niya.

“I was right. Naghihintay ka lang ng tiyempo. Nagpapanggap ka lang na hindi ka interesado,” tuya nito.

She scoffed. “Please. Ang sinasabi ko lang, napakabata pa ng kapatid mo,” paliwanag niya.

“Bata? Napakabata?” Tumawa ulit ito, sarkastiko. At talagang pinagtatawanan siya sa pagkakataong ito. “His boy-band face totally misled you, didn’t it?”

“Ano ba’ng pinagsasabi mo? Parang ate na niya ako. Magkasing-edad lang siguro sila ng bunso kong

kapatid,” aniya.

“And how young is your brother?”

“He just turned twenty-one. Maaga siyang nag-aral so I would put Gabriel’s age around twenty-two at most. I’m nearly twenty-five. Sasabihin kong dalawang taon ang agwat ng edad namin ni Gabriel.”

“Tama ka, dalawang taon nga ang agwat ng edad n’yo.” There was a sneering look on his face.

Prente siyang sumandal sa upuan. She raised her chin. Sigurado siyang naipanalo niya ang round na ito.

“But not in the way you mean. Gabriel is nearly twenty-seven. Nakapagtrabaho na siya for three years sa pinapasukan mong kompanya. He got engaged a year ago. Kaya pasensya ka na,” wala sa tono nito ang paghingi ng paumanhin, “kung hindi ako natutuwang nakatira kayo sa iisang bahay.”

Sukat sa sinabi nito ay namutla siya. Hindi dahil sa iniisip nito. Kundi dahil sa implikasyon ng gagawin nitong pagpapaalis sa kanya sa bahay nito kung sakali. It would mean going home. It would mean giving up her job, saying goodbye to her independence. Mangangahulugan din ba iyon ng pagpapakasal kay...

Hindi siya makahinga.

In a second, natagpuan niya ang kanang kamay na hawak ng lalaki sa kanyang tabi. Nailapit na nito ang upuan sa pabilog na mesang kinapupuwestuhan nila. Hawak ng isang kamay nito ang likod ng ulo niya. He was pushing her head downwards, as if to put it between her legs.

She was sure she was hyperventilating but she fought it.

“I’m fine. Bitawan mo nga ako,” matigas niyang sabi. Tinabig niya ang kamay nito sa kanyang ulo at hinigit ang kamay niya mula sa isa pa nitong kamay. Hindi ito lumayo. Inabot niya ang goblet ng tubig sa mesa at parang uhaw na uminom doon.

“You fool,” narinig niyang sabi ni Raphael. “Ano’ng relasyon n’yo ng kapatid ko? I’m going to kill him kung pinakialaman ka niya!” mahina nitong banta.

Noon siya napatingin dito. Nanghina siya. Ano ba ang iniisip ng lalaking ito?

“Nagkakamali ka,” sabi niya.

“Siguraduhin mo lang,” maigting na saad nito.

Inayos nito ang upuan. Lumayo ito nang kaunti

sa kanya. Noon nag-serve ang waiter na may dala ng trolley ng lunch nila. Ipinabahala niya kay Raphael ang pag-order niyon kanina.

“At ano ang kailangan kong gawin para mapatunayan iyon?” hamon niya. She could easily prove it to this man. James could always attest to her innocence.

“Mag-usap tayo habang kumakain. Kumbinsihin mo ako.”

“Fine. Pero kailangan kong umuwi sa bahay in an hour or two dahil uuwi pa ako sa probinsya, kaya galingan mo ang pagtatanong. Make it fast.” She tasted the soup in front of her.

He scoffed. “Right. Kailangan mong umuwi. Sa bahay. Ko.” He picked up his fork and knife.

She noticed how lean and beautiful his fingers were. Nainis siya sa sarili sa naiisip. “O, sige na, kanina mo pa inuulit na bahay mo iyon. Hindi ko naman inangkin.”

Sukat doon ay tumawa uli ang lalaki. This time ay walang halong pang-iinsulto iyon. Parang talagang natawa lang ito sa sinabi niya. And she hated herself for liking the sound of it.

“Sorry, Sweetheart, I’m not usually this sensitive sa mga tumutuloy sa bahay ko. Ano’ng pangalan mo?”

Nag-angat siya ng tingin. Hindi alam ng lalaking ito ang pangalan niya?

“Seryoso ka? Hindi mo alam kahit pangalan ko? Walang nababanggit si Gabriel sa iyo kahit ano tungkol sa akin?” Napainom siya ng tubig.

“Now she’s really interested. Gusto mo bang magtampo na di man lang sinabi ng kapatid ko ang pangalan mo sa akin o—”

“I just mean, considering na pinatira niya ako sa bahay mo. Dapat alam mo na...” Nag-uumpisa na siyang mawalan ng gana. Masarap pa naman ang pagkain.

Tila napansin nito iyon at sinabing tapusin muna nila ang tanghalian bago ipagpatuloy ang pag-uusap. Over coffee ay ito muli ang nagbukas ng diskusyon.

“Well, let’s say, we’re even. Hindi niya ako binanggit sa iyo at wala rin siyang sinabi sa akin tungkol sa iyo. Ano’ng pangalan mo at gaano katagal ka na nakatira sa bahay?”

“My name is Jamie at six months na akong nakatira sa bahay mo,” sagot niya.

“Try again.”

“Try *what* again?” She gaped at him.

“It’s been almost two years nang tumira ang Jamie na sinasabi ng kapatid ko. My mother believed na lalaki ang pinatira niya. Isinama pa sa province namin. Either nagsisinungaling si Gabriel—”

“Hindi siya nagsisinungaling. My brothers and I, all of us were named Jamie. Si Kuya, Jamie Lorenz, ako, ’tapos si James, Jamie Leonard.”

“So, what’s your name?”

“Jamie nga!” inis na niyang sabi.

“Huwag mong sabihin na pinaligtas ng parents mo ang pagkakataon na bigyan ka ng second name. I assume nagsisimula rin sa letter *L*? Let me guess. Laura? Lindsay? Lenny? Lei—”

“It’s *Love*, okay? Jamie Love. I hate people making cracks about my name. Ayoko rin na tinatawag akong ‘Love’, lalo na ng mga lalaki. So stop reciting the names of your *L* girlfriends dahil sigurado akong wala sa kanila ang may pangalang ‘Love’.”

“I had one named Lovely.”

“Well, good for her. And I hope talagang maganda

siya. Because it's hard to live up to a name like that.”

“You could easily live up to that name. Because you see, mas maganda ka kaysa sa mga nakaraang girlfriends ko.”

“Mr. Bernero—”

“Please, call me ‘Raphael,’” saad nito.

“Okay, Mr. Raphael,” hindi niya pinansin ang pagtawa nito, “uuwi ka pa ba sa bahay mo ngayon? Kasi kung hindi, aalis na ako at uuna na ako sa iyo. Mahaba pa ang biyahe ko. I’m sure mas masasagot ni Gabriel ang mga tanong mo.” Tumayo na siya.

“Love...”

Tinapunan niya ito ng isang nakamamatay na tingin.

His only answer was an equally killer smile. “I mean, Jamie, ihahatid kita. Kanina pa nag-text si Gabriel at sinabing nasa bahay na siya. He’s out of his mind para isipin na papayag akong tumira ka sa bahay ko kasama siya.”

2

Pinauna siya ni Raphael sa pagpasok sa main door. Si Gabriel ang nagbukas sa kanila.

“Hi, Kuya. Napadalaw ka yata?” bati ng nakababatang lalaki.

“I’ll leave you two para makapag-usap,” ani Jamie.

“No need, ‘Love’,” agap ni Raphael. “Okay lang na marinig mo ang pag-uusapan namin. Some of it may concern you.”

“Thank you na lang, Mr. Bernero, pero kailangan kong umuwi ngayon sa *amin*,” diin niya sa huling salita.

“Hey, what is this with you two? Mr. Bernero? At ikaw, Kuya, with your usual meaningless endearments. I know it’s my fault. Pero malalaki na kayo. You should have introduced yourselves properly by now. Anyway, Jamie, meet my only brother, si Kuya Raphael. Madalas ay out-of-the-country siya dahil siya ang ipinapadala ng kompanya to fix deals abroad. And, Kuya, ang housemate ko sa bahay mo, si Jamie Arnaldo. Kapatid siya ni James. Assistant siya

ni VP Mirasol. So, people, let's all be friends, okay?" litanya nito.

"Pleasure to meet you, *Love*, I mean, Jamie," nakangiting sabi ni Raphael, nakalahad ang kanang kamay.

"Same here, Raphael," tipid niyang saad. Hindi niya inabot ang kamay nito, nagbigay lang ng pekeng ngiti at kunwa'y nag-hi na itinaas ang kanang kamay rito. "Pasensya na, pero talagang naka-schedule akong umuwi ngayon.

"Oh, I forgot. I'm sorry, Jamie. Tinanghali ka tuloy," sali ni Gabriel.

Balewalang binawi ni Raphael ang kamay nito.

"Maiwan ko na kayo," aniya. Tumalikod na siya at tinungo ang kanyang kuwarto.

Naalala ni Jamie ang pag-uusap nila ni Raphael sa sasakyan habang pauwi sila. He encouraged her to ask about him. Natatawa siya sa sarili sa mga naisip niyang itanong. She had never been that interested in a man before, but suddenly...

"*Ilang taon ka na?*" Hindi talaga iyon ang gusto niyang itanong kanina.

“I’m turning thirty-one this year.”

Marami pa sana siyang gustong isunod doon. *May asawa ka na ba? Nagkaasawa na? May anak ka na ba? Kailan ang birthday mo? Pero hindi niya mahagilap ang lakas ng loob.*

“Tagasaan ang boyfriend mo?” narinig niyang tanong nito.

Was he fishing? Duda siya kung interesado ito sa kanya. Ano ba ang sasabihin niya? Boyfriend ba ang tawag sa lalaking umaasang magpapakasal siya rito dahil lang inirereto ito ng kanyang ina?

“Wala.”

“Natagalan ka yata bago sumagot?” paniniguro nito. “Sigurado ka bang wala? Wala kang boyfriend o wala siyang probinsya?”

“Hindi ko alam ang pinupunto mo, Mr. Bernero.”

“Well, kung may boyfriend ka, I have a feeling na mas mapapanatag ang fiancée ng kapatid ko, don’t you think?”

“As long as totoo ang sinasabi ko, wala siyang dapat ipag-alala. Hindi ko kailangang mag-imbento ng boyfriend mula sa bula.” Sumandal siya sa komportableng upuan ng sasakyan nito at pumikit.

“Nice to know.”

Iminulat niya ang mga mata at bumaling dito.

“What?”

“Na mapagkakatiwalaan kita. Pero mas magiging komportable ako kung magkaka-boyfriend ka o mag-aasawa kaya,” saad nito.

“Wala pa akong planong mag-asawa, salamat na lang. I have my whole life ahead of me. Gusto ko munang mabuhay,” sagot niya.

Tumawa ito. “Parang sinasabi mong pagpapatiwakal ang pag-aasawa.”

Well, hindi pa nami-meet ng lalaking ito ang kanyang ina at ang lalaking gusto ng huli na mapangasawa niya, kaya nakapagsasalita ito ng ganoon.

“Hindi naman sa ganoon. Sabihin nating when I’m thirty or thirty-one. Baka by that time, sawa na ako sa buhay-dalaga.”

Tumingin ang lalaki sa kanya. His face was serious. “What do you mean by that? Isa ka ba sa mga modernang babae who believes in the equality of the sexes?” Nasa daan na ulit ang mga mata nito.

“Sabihin na nating I’m one of those na may pagka-double standard pa din. Admit it or not, mas may dapat kaming ingatan kaysa sa inyong mga lalaki.”

Sukat doon ay tumawa ito.

“I like you, Jamie Love, alam mo ba iyon? At ngayon ko lang iyan inamin sa isang babae.”

“I told you, ayokong tinatawag akong—”

“Jamie Love,” he said softly.

Namula siya. Nag-iinit ang mukha niya, pero nagtataka siya kung bakit wala talaga ang inis na inaasahan niya. She hated guys in high school when they teased her with that name. Pero si Raphael...

She rolled her eyes heavenwards. Ano ba ang iniisip niya?

Tumawa lang ang lalaki. She loved the sound of his laugh. Malutong iyon. Hindi fake. At walang pakundangan.

Mayamaya ay nagtanong muli ito.

“Paano kung may manligaw sa iyo at magustuhan mo?”

“Kailangang hintayin niya ako kung kailan ko gustong magpakasal,” determinadong sagot niya.

*“Paano kung pagbaguhin ko ang isip mo?”
seryosong tanong nito.*

Natahimik siya. Tahimik silang pareho.

“Hindi ka nakakatawa, Mr. Bernero,” aniya.

*“You should see your face, Jamie, my Love,” saad
nito. “Nakakatawa ka.”*

How she hated the man!

Hindi man sinasadya ay naririnig ni Jamie ang pinag-uusapan ng dalawang lalaki. Nag-eempake pa kasi siya at hindi man lang naisip ng magkapatid na pumasok sa kuwarto. Nasa living room ang mga ito. Siguro hindi na rin makapaghintay si Raphael na komprontahin ang kapatid.

“Alam mo na darating ako, Gabriel. Bakit sinabayan mo ng alis?” malamig na tanong ni Raphael. “Saan ka galing?”

“Kuya, huwag mong sabihin na nainip ka. Napakaganda ng kasama mo. Jamie’s a real stunner, isn’t she?”

“Will you shut up?” utos nito, wala sa tinig ang pagkatuwa.

“So, hindi siya maganda para sa iyo?”

“To tell you the truth, Gabriel, I honestly don’t care about your stupid questions. Ang gusto kong gawin mo ay kausapin mo ang boarder mong babae sa lalong madaling panahon at sabihin na hindi siya puwedeng mag-stay dito.”

Sa loob ng kanyang kuwarto ay napaupo si Jamie. Napahiya siya sa sarili. Why, she let that man flirt with her! Inisip niya kanina na posibleng may maramdaman ang lalaking iyon para sa kanya, when all the time pinagtatawanan lang siya nito. Inisip niya ang pagtalon ng puso niya sa sinabi nito.

“You should see your face, Jamie, my Love...”

The bastard!

“Kuya, ang laki ng problema mo. Ngayon lang kita nakitang ganito. Puwede bang hinaan mo ang boses mo? Baka naririnig tayo ni Jamie. I don’t want to hurt her.”

“At si Irene? Tingin mo ay hindi siya nasasaktan na may kasama ka ditong babae? I’m tired of fixing your problems for you, Gabriel. Malaki ka na.”

“Then stop deciding things for me!” shouted the other man.

Gustong mapaiyak ni Jamie. She definitely had to leave. Hindi naman siya papayagang tumira nang hindi kasama si James. Ayaw niyang maabala ang kapatid sa critical na panahon ng review nito. At mangyayari iyon kung pakikiusapan niya ito na lumipat na lang sila ng bahay. Hindi niya rin kakayanin ang samu't saring paliwanag na hihingin ng kanyang ina. And in the end, her mother would prevail—like she always had. Worst case scenario being...

Pinagpapawisan siya nang malamig sa kanyang silid. Alam niyang maputla ang kanyang mukha. Binilisan niya ang pag-eempake at inisip kung kailan ang pinakamagandang pagkakataon para lumabas.

Kanina, sa kabila ng mga panunukso sa kanya ni Raphael, hindi niya alam kung bakit magaan ang loob niya rito. She honestly liked him kahit ayaw niyang ipakita iyon sa lalaki. If she was really honest with herself, aaminin niyang attracted siya rito. Akala niya ay gusto rin siya nito. Na kahit paano ay may rapport sila. Pero nagpapanggap lamang pala ang lalaki all the while. Tama ito. She was a fool. He called her one, right?

She really hated him now! Hinding-hindi na siya magtitiwala rito. Lumabas siya para magpaalam sa

magkapatid.

Tinanaw ni Raphael mula sa nakabukas pang pinto ang babaeng palabas ng gate. Hinigit nito iyon pasara mula sa labas. Ni hindi ito makatingin sa kanya nang dumaan para magpaalam bagaman nagtapon ito ng tipid na ngiti kay Gabriel. Hinarap niya ang kapatid.

“Tumawag dito si Irene last week at si Jamie ang nakasagot. Matalino ka. Figure out what happened. Iyon ang dahilan kaya ako narito ngayon. Pasalamat ka at hindi si Irene mismo ang pumunta dito,” sabi niya.

“I don’t know, Kuya. Mas okay siguro kung si Irene ang nandito ngayon,” pabalang na sagot nito.

“And what exactly do you mean by that?”

“Wala akong ibang ibig sabihin. Look around. Malaki ang bahay mo. There are like five bedrooms in this house including yours na ginagamit ko. Ano’ng masama kung dadalawin ako ni Irene paminsan-minsan?”

“Alam mo ang sagot diyan.”

“Yes. Old-fashioned ang mga magulang niya. But

we'll not be exactly living in sin, you know, kung *live-in* mang matatawag ang pagtigil niya. Dalawa ang kasama namin sa bahay dito kung sakali. I refuse to ask Jamie to move out. That's just unreasonable. You're being irrational. She's just my friend. Kuya, ipinakiusap siya sa akin ng kapatid niya, ni James."

"At tinanggap mo dahil maganda siya?"

"I was right. You noticed na maganda siya, didn't you?" tukso ng kapatid.

"Be serious, Gabby. Gusto mo bang hindi matuloy ang kasal mo? Dahil ipinapaalala ko sa iyo, *ikaw* ang may gusto na magpakasal sa edad mo na iyan. Be a man kung may plano kang umatras."

"To be honest, Kuya, sa dami ng matatandang nakapaligid na nakikialam sa relasyon namin, I'm really not sure."

"Because of that girl?"

"What girl?"

"Oh, come on, Gabriel. I can see the way your eyes light up kapag nasa paligid siya. At wala pa akong dalawang oras dito. Kanina pagdaan niya—"

"Fine, I like her!"

“Di lumabas din ang totoo!” malakas na sabi niya.

“Kuya, bakit ka ba nagagalit? I didn’t say I love Jamie. Lalong hindi ko sinabing pakakasalan ko siya. I just said—”

“Sinabi mo lang na *gusto* mo siya!” Raphael didn’t know why he felt so pissed off. Gusto niyang sakalin ang kapatid. Gusto niyang palayasin ito sa bahay niya.

“What’s wrong with that? Magkaibigan kami, I told you,” katuwiran nito.

“Right.”

Minsan iniisip niya kung tama bang magpakasal na nga si Gabriel. Naka-set ang kasal nito depende sa pagpasa nito sa board exams. May trabaho naman kasing naghihintay rito. He highly doubted na babagsak ito, maliban kung sadyain nito iyon. Ngayon, pakiramdam niya ay may rason si Gabriel para ibagsak ang exams nito. Failing his exams would mean delaying his wedding. O tuluyang ikansela iyon. And seeing more of that girl. Living in with that girl. At dito sa bahay niya. That girl named *Love*.

“I’ll be staying here for a while. I prefer my own room, kung ayos lang sa iyo,” sarkastiko niyang saad.

“Sure. You’re welcome to it.” Nakangiti na ito.

“Lilipat ako ng kuwarto. But I have to use your bathroom.”

Parang hindi sila nagsisigawan kanina. Walang nagawa si Raphael kundi tugunin ang ngiti nito. Limang taon lang ang agwat ng edad niya kay Gabriel, pero laging hangad ng bunsong kapatid na paluguran siya.

“Anyway, hanggang kailan ka dito?” tanong nito.

“Hindi pa ako sigurado,” sagot niya.

“Baka mainip ka lang. I mean, Jamie’s a beauty pero sigurado ako base sa reaction mo kanina na hindi mo siya gusto. Malayo ang qualities niya sa mga nakilala kong girlfriends mo. And I have a feeling na ayaw din niya sa iyo.”

Tinitigan ni Raphael ang kapatid. “Bakit ako maiinip sa sariling kong pamamahay? Besides, I’m not here for her.”

“Alam ko, Kuya. You’re here for me. Salamat. But I hope someday you’ll realize na malaki na ako. I know naging responsibility mo kami ni Mama ever since Dad passed away. But after passing my exams, I want you to know that I’m ready to share some of that responsibility.”

“Okay. I hear you. Sige, payag na ako na hindi mo paalisin si Jamie. But be fair to Irene. Kung walang kaso sa iyo, I suggest you invite your fiancée here. Tingin ko naman ay papayag na ang parents niya.”

Galing sa probinsya ay derecho si Jamie sa opisina. Dumaan na lang siya sa mall para bumili ng thin-crust pizza bago umuwi sa bahay ni Raphael. Hindi pa rin siya lubos na nakakabawi sa katotohanang iyon. It was a shock to her entire system. Kasing-tindi ng shock na ibinigay nito nang mapagbuksan niya ito ng pinto suot lamang ang makapal na tuwalya.

Sooner or later ay kailangan niyang umalis. Iyon ang gusto ng may-ari ng bahay. Alangan namang hintayin pa niya si Gabriel na kausapin siya. She would not put him through that. Siya na ang kakausap dito. Pero kakain muna siya ng dinner.

Ipinatong niya ang kahon ng pizza sa dining table at tumuloy sa kanyang kuwarto. Inilagay niya ang mga dalang bag sa kama at pumili ng pamalit na damit-pambahay.

Narinig niyang bumukas ang pinto sa kuwarto ni Gabriel. Hindi pa niya naisasara ang pinto ng refrigerator nang magsalita siya.

“Himala, Gabriel. Maaga ka yata ngayon.” Isinara niya ang pinto ng fridge at humarap dito. Nakangiti siya. Hanggang napalis ang ngiti niya.

“Hello, Love,” Raphael said.

Love-in mo’ng mukha mo, gusto niyang sabihin.

“Mr. Bernero, nandito ka pala sa bahay mo.”

Tumawa ito. “I missed you, Jamie Love. Ikaw, na-miss mo ba ako?”

Na-miss niya ba ang lalaking ito? Oo, walang laman ang utak niya kundi ang mga sinabi nito kay Gabriel mula nang umuwi siya ng probinsya. Pero hindi ibig sabihin ay na-miss niya ito.

Hindi siya sumagot. Lumakad siya papunta sa dining table at naupo sa isa sa mga silya roon. Binuksan niya ang box ng pizza at nagsalin ng malamig na gatas sa mataas na baso.

“Pizza?” alok niya, inikot ang box paharap dito matapos kumuha ng isang slice.

“Huwag mong sabihin na iyan ang dinner mo?” Hindi makapaniwala ang expression nito. Umupo ito malapit sa kanya.

She could sense his disapproval. “And milk.

Nasaan ang sasakyan mo?” Nakahinga siya nang maluwag kanina nang mapansin na bakante ang garahe. Inisip niyang wala ito. Para lang ma-tense ngayon.

“Hiniram ni Gabriel. Umuwi siya ng province namin.”

Alam niyang talagang ibinitin siya nito at hinihintay para magtanong. “Bakit?”

“Para sunduin si Irene. She’ll be staying here too for a while. Bukas sila darating.”

Tumikhim siya. “Bakit ka nandito?” tanong niya pagkatapos ay parang napahiyang gustong bawiin ang itinanong.

“Siyempre, bahay ko ’to.”

“Sabi ko nga.” Namumula ang mga pisngi niya.

“Naisip ko kasi, unfair kung kapatid ko lang ang may chance na makasama ka dito. Dapat ako din.”

Ibang klase ang karisma ng lalaking ito, naisip niya.

Effortless. Sisiw. Naaawa siya sa mga babaeng napapaniwala at mapapaniwala pa nito. At sisiguruhin niyang hindi siya masasama sa mga iyon.

“Hindi ka ba kakain?” tanong niya.

“Kaya mo bang ubusin iyan?”

Usually ay naiinis siya kapag sinasalag ng tanong ang tanong niya. Ngayon, hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman. Parang gusto lang niyang magpasalamat at may kausap siya at hindi nag-iisa sa hapag. Kahit alam niyang dinadaya niya ang sarili at nagtitiyaga lang ito sa company niya.

Buti na lang at alam niya ang opinion nito tungkol sa kanya. Otherwise, she'd be eating out of his hand. Kagaya marahil ng mga girlfriends nito.

“Aayos lang kahit di ko maubos. Ilalagay ko lang iyan sa ref. Kakainin iyan ni James o ni Gabriel, depende kung sino ang unang makakita.” Tinapos na niya ang pagkain.

Napatango-tango ito. “Then I’ll have some.”

Napalingon si Jamie nang tumunog ang doorbell. “Excuse me, ipagbubukas ko lang ng pinto ang kapatid ko. Ipapakilala na rin kita sa kanya.”

“Nakilala ko na siya kanina. I hope okay lang sa iyo kung uubusin na namin ni James ang dala mong pizza. And drink beer.”

“Gawin n’yo kung ano’ng gusto n’yo,” aniya bago

tumayo para tunguhin ang pinto.

Hindi tumuloy si James sa kuwarto nito. Ang dalang bag ay inilagay nito sa isang bakanteng silya sa dining area. Pumasok na si Jamie sa kanyang silid.

“Tamang-tama, hindi pa ako nagdi-dinner,” sabi ng nakababatang lalaki, binuklat ang kahon ng pizza.

“Hindi talaga umiinom si Jamie ng beer?” Iniisip ni Raphael na baka ayaw uminom ng dalaga kasama siya.

“Tbang klase ang pang-amoy niya at mahina ang sikmura niya sa mga alcoholic drinks o pagkain na masyadong maamoy o mabango. Kailan lang siya natutong kumain ng pizza. Mas nasusuka siya sa amoy ng beer. Kaya pinagpapasensyahan na lang namin ni Gabriel.” Tumayo ito pagkakuha ng baso at nagbukas ng refrigerator. “Uy, bumili ka ng beer. Patay tayo diyan.” Isinara nito ang pinto ng fridge at tumingin sa kausap. “I mean, ikaw lang. You’re dead, man.”

Nagtawanan ang dalawang lalaki.

Nakilala ni Jamie si Irene kinabukasan. Mas matanda ito sa kanya ng dalawang taon. Kasing-edad

ito ni Gabriel. Si Raphael mismo ang nagpakilala sa kanila sa harap ng kapatid nito. Naroon din si James. Nagpa-deliver ng pagkain si Raphael mula sa isang Chinese restaurant. Ito ang nagbayad ng lahat.

Hindi pa sigurado si Jamie kung paano pakikitunguhan ang dalaga. Sa totoo lang ay nag-aalangan siya. Base sa kuwento ng nakatatandang kapatid ni Gabriel, napaiyak si Irene nang siya ang sumagot ng telepono minsan. It could be the reason kung bakit nandito ang babae ngayon.

“Hindi ka yata masyadong kumakain, Jamie,” maigting na puna ni Raphael.

Napilitan siyang mag-angat ng tingin. Nakatitig ito sa kanya, tila talagang binabantayan ang kilos niya. Naramdaman niya ang titig ng mga kasamahan sa mesa.

“Masama ba’ng pakiramdam mo?” patuloy ng lalaki. Parang galit ito.

Kung bakit ay hindi niya alam. Umiling siya bilang sagot sa tanong nito. Pabilog ang dining table. Nasa kaliwa niya si Raphael, sa kanan si James. Kaharap niya halos si Gabriel at katabi naman nito ang kasintahang si Irene.

“Sigurado ka?” paniniyak ni Gabriel. “May gamot

ako diyan. Gusto mong kunin ko?” Tila alalang-alala ito.

Lalo tuloy siyang nakaramdam ng pag-aalangan. Baka kung ano ang isipin ng girlfriend nito.

“Aayos lang ako,” sagot niya. Pero talagang halos di niya magalaw ang pagkain.

Kanina ay nilagyan ni Gabriel ng pancit guisado ang plato niya pagkatapos salinan ng pagkain ang plato ng nobya nito. Hindi siya makatingin kay Irene. Baka isipin nito na lalong sinasamantala niya ang pagkakataon kapag wala ito roon. Gabriel was sweet, yes. Pero ngayon ay gusto niyang batukan ang binata sa inaasal nito.

Si James ay patuloy lang sa paglantak. Tiningnan lang siya nito at nagkibit-balikat. Nagpatuloy ito sa pagkain.

“Aayos ka lang, pero hindi ka kumakain,” tila inis na puna ni Raphael.

Now he really has a reason to hate me, naisip ni Jamie.

“Gusto mo ng hot tea?” ani Gabriel. Naroon ang concern sa tinig at mukha nito.

Ang kulit! Biglang sumakit ang ulo niya. Sukat

doon ay parang bumaligtad ang sikmura niya.

“Excuse me,” mahinang sabi niya, at biglang tumakbo sa banyo.

“Ano’ng nangyari sa kanya?” tanong ni Irene sa mga kasamahan. Gustuhin man nitong magpakita ng concern ay dismayado ito sa nasaksihan. Ganito ba pahalagahan ng boyfriend ang napakagandang housemate nito?

Saka lang tumigil sa pagkain si James. Tiningnan nito ang platong iniwan ng kapatid.

“Si Ate talaga, oo, ang hilig magsayang ng pagkain.” Isinalin nito sa sariling plato ang tira ng kapatid. Hindi naman nagalaw iyon.

“Kakainin mo iyan?” ani Irene.

“Oo, malinis naman ’to, eh,” sagot ng binata. “Saka di ko pa ito natitikman. Halos ubusin na kasi ni Gabriel,” dagdag pa nito.

Si Raphael ay nakapako ang tingin sa pinto ng banyo na nakapinid pa rin. Naniningkit ang mga mata nito, hindi alam kung ano ang iisipin sa nakita.

What could be wrong with her?

“Anong ako? ’Etong si Irene, o, ang lakas kumain,”

tudyo ni Gabriel sa girlfriend, waring nakalimutan na ang dalagang masama ang pakiramdam.

Gusto itong sapakin ni Raphael.

Natawa naman ang dalagang pinapatungkulan nito, waring kayang patawarin at pagbigyan lahat ng kalokohan ng nobyo. Tila nakalimutan na rin nito ang babaeng pinagseselosan. Naiinis si Raphael sa sarili.

Why am I this worried?

“Kaya naman pala,” saad ni James, tila sa sarili lang.

“Ano ’yun?” baling ni Raphael sa nakababatang lalaki.

“May kinchay ’tong pancit, kaya di ma-take ni Ate,” paliwanag nito, pagkatapos ay sumubo. “Mabango kasi.”

“Arte,” ani Gabriel. Waring ikinatuwa iyon ng nobya nito.

Tumawa lang si James. “Isusumbong kita. Ikaw kaya ang naglagay ng sangkaterbang pancit sa plato niya.”